

DepEd Advisory No. 223, s. 2014
May 29, 2014
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph)

PAMBANSANG KONGRESO SA SALIN

Ang Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) sa pamamagitan ng Sangay ng Salin at University of the Philippines-Visayas (UPV) ay magdaraos ng *Pambansang Kongreso sa Salin* mula Agosto 7 hanggang 9, 2014 sa University of the Philippines-Visayas, Lungsod Iloilo.

Ang layunin ng pagdiriwang na ito ay ang mga sumusunod:

1. matipon ang mga praktisyoner, mga tagasalin at lahat ng sumusuporta sa gawaing pagsasalin upang talakayin ang kahalagahan at pangangailangan ng pagsasalin sa bansa;
2. magkaroon ng kamalayang panlipunan sa kahalagahan ng pagsasalin;
3. malaman ang kahalagahan ng pagsasalin sa iba't ibang larangan ng lipunan, pamahalaan, negosyo, edukasyon, mass media, agham at teknolohiya; at
4. higit pang mapataas ang antas ng pagsasalin.

Ang mga inaasahang dadalo ay mga tagasalin, mga kinatawan mula sa tanggapang sentral at panrehiyon ng Kagawaran ng Edukasyon, tagapamanihala/tagamasid, mga puno, guro dekanong at propesor ng Kagawaran ng Filipino mula sa mga pampubliko at pampribadong paaralan, iskolar, manunulat at iba pa na may interes na mapabuti ang kanilang gagampanan sa pagbabahagi ng mahahalagang impormasyon hindi lamang sa Filipino gayundin sa iba pang mga wika sa Pilipinas.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral na mula sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nasasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith*.

Para sa karagdagang impormasyon o anumang katanungan, maaaring tumawag o makipag-ugnayan alinman sa mga sumusunod:

- Bb. Sydna Lozada
University of the Philippines-Visayas (UPV)
Mobile Phone Blg.: 0921-794-2195
- Dr. Miriam P. Cabila
Komisyon ng Wikang Filipino (KWF)
Telepono Blg.: (02) 736-2525 lokal 107
Mobile Phone Blg.: 0929-876-5856
Email Address: Miriam.cabila@yahoo.com